# Bakuna sa COVID-19 – Karagdagang mga Dosis at mga Pampalakas (Booster) na Dosis

## Pagpapatunay ng Sarili sa pagiging karapat-dapat

*Tingnan ang susunod na pahina para sa pagpapatunay ng sarili para sa mga pampalakas (booster) na dosis para sa mga taong nakatanggap ng 2 dosis ng bakunang Pfizer*

**ANG MGA TAONG MAY BANAYAD HANGGANG SA MALUBHANG HUMINANG SISTEMA NG IMYUNIDAD NA TUMANGGAP NA NG 2 DOSIS NG BAKUNANG PFIZER O MODERNA**

Kung iyong natutugunan ang pamantayan na nakabalangkas sa CDC, inirerekomenda na ikaw ay magpabakuna ng ika-3 dosis ng mRNA (Pfizer o Moderna) na bakuna sa hindi bababa sa 28 araw pagkatapos ng iyong ika-2 dosis ng bakuna. Kung maaari, dapat kang tumanggap ng parehong bakuna. Halimbawa, kung nakakuha ka ng serye ng Pfizer na bakuna, subukang kumuha ng Pfizer na bakuna para sa iyong ika-3 dosis.

**Makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa pangangailangan na makakuha ng karagdagang dosis ng bakuna sa COVID-19**. **Kung kailangan mo ng ika-3 dosis, magtanong kung ano ang pinakamagandang panahon base sa iyong kasulukuyang plano sa paggamot**. Ito ay lalong mas mahalaga kung ikaw ay magsisimula or nagsisimula muling magpagamot ng pagsugpo ng imyunidad (immunosuppressive).

**Aking pinatutunayan na ako ay may mahinang imyunidad (immunocompromised) at ako ay karapat-dapat para sa ikatlong dosis ng bakuna batay sa pamantayan na nasa ibaba.**

- Ako ay tumanggap ng pangalawang dosis ng bakunang Moderna o Pfizer nang hindi bababa sa 28 araw na ang nakalipas, AT
- Ako ay:
  - Tumatanggap ng aktibong paggamot sa kanser para sa mga tumor o kanser ng dugo, O
  - Tumanggap ng paglipat ng pangloob na bahagi ng katawan (organ transplant) at ako ay umiinom ng gamot para pigilin ang aking sistema ng imyunidad, O
  - Tumanggap ng isang paglipat ng selula ng stem (stem cell transplant) sa loob ng huling 2 taon o ako ay umiinom ng gamot para pigilin ang aking sistema ng imyunidad, O
  - Banayad o malubha na pangunahing kakulangan sa imyunidad (tulad ng DiGeorge syndrome, Wiskott-Aldrich syndrome), O
  - Malala o hindi ginamot na impeksyon ng HIV, O
  - Aktibong paggamot gamit ang matataas na dosis na corticosteroids o iba pang mga gamot na pumipigil sa pagtugon ng aking imyunidad;

**Lagda:** _____

**Pangalan:** _____ **Petsa:** _____

Mahalagang ipagpatuloy na protektahan ang iyong sarili pagkatapos na makakuha ng ika-3 dosis ng bakuna. Kabilang rito ang pagsusuot ng maskara na mainam ang pagkakasya, pagpapanatili ng distansyang pisikal, pag-iwas sa mga sobrang daming tao na lugar o espasyo na may mahinang daloy ng hangin, at madalas na paghuhugas ng mga kamay. Isaalang-alang ang "dobleng pagmamaskara" (pagsusuot ng telang maskara sa mukha sa ibabaw ng maskarang pang-opera) o isang N95 respireytor (respirator) para sa mas mataas na antas ng proteksyon.

**Para sa mas marami pang impormasyon, tingnan ang Moderna o Pfizer ng mga Katotohanang Talaan (Fact Sheets) para sa mga Tumanggap at Tagapag-alaga at ang webpage ng CDC sa Mga Bakuna sa COVID-19 para sa mga Taong may Banayad hanggang sa Malubhang Pinahinang Imyunidad.**

# Bakuna sa COVID-19 – Karagdagang mga Dosis at mga Pampalakas (Booster) na Dosis

## Pagpapatunay ng Sarili sa pagiging karapat-dapat

*Tingnan ang nakaraang pahina para sa pagpapatunay ng sarili para sa mga karagdagang dosis sa mga taong mahina ang imyunidad.*

**MGA TAONG KARAPAT-DAPAT PARA SA PAMPALAKAS NA DOSIS NG BAKUNANG PFIZER**

**Aking pinatutunayan na ako ay karapat-dapat para sa pampalakas na dosis ng bakuna batay sa pamantayan na nasa ibaba**

- Ako ay tumanggap ng pangalawang dosis ng bakunang Pfizer sa COVID-19 na hindi bababa sa 6 na buwang nakalipas, AT
  - Ako ay edad 65 taong gulang o mas matanda pa, O
  - Ako ay naninirahan sa pangmatagalang kapaligiran ng pangangalaga, O
  - Ako ay edad 50-64 na taong gulang at nakakaranas ng mga panlipunan at pang-ekonomiyang panganib na naglalagay sa akin sa nadagdagang panganib para sa COVID-19, O
  - Ako ay edad 18-64 at mayroon ako ng isa sa sumusunod na mga pinagbabatayang medikal na kondisyon:
    - Kanser
    - Talamak (chronic) na sakit sa bato
    - Talamak na sakit sa baga
    - Pagkakalimutin (dementia) o iba pang mga pangkaisipang (neurological) na kondisyon
    - Diabetis (type 1 o type 2)
    - Down syndrome
    - Mga kondisyon sa puso
    - Impeksyon ng HIV
    - Kalagayan ng mahinang imyunidad (huminang sistema ng imyunidad)
    - Sakit sa atay
    - Sobra sa timbang o sobrang taba [obesity] (ang body mass index (BMI) ay higit sa 25 kg/m2)
    - Nagdadalang-tao at kamakailan lang nagdalang-tao (hindi bababa sa 42 araw kasunod ng pagtatapos ng pagdadalang-tao)
    - Sakit sa selula na sickle o thalassemia
    - Naninigarilyo, kasalukuyan o dati
    - Naglagay ng buong pangloob na bahagi ng katawan [solid organ transplant] o dugong stem na selula [blood stem cell0
    - Stroke o cerebrovascular na sakit, na nakakaapekto sa daloy ng dugo sa utak
    - Karamdaman sa paggamit ng sangkap
- Ako ay edad 18-64 na taong gulang at ako ay nasa nadagdagang panganib para sa pagkakalantad at transmisyon sa COVID-19 dahil sa aking pang-institusyong kapaligiran, o dahil sa ako ay nagtatrabaho sa isa sa mga sumusunod:
  - Unang tagatugon (mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan, bumbero, pulis, kawani sa magkakatipong pangangalaga)
  - Kawani ng edukasyon (mga guro, kawani ng paaralan, manggagawa sa pangangalagang pang-araw)
  - Mga manggagawa ng pagkain at agrikultura
  - Mga manggagawa sa pagmamanupaktura
  - Mga manggagawa sa koreksyonal
  - Mga manggagawa sa Serbisyo ng Koreo ng U.S.
  - Mga manggagawa sa pampublikong sasakyan
  - Mga manggagawa sa tindahan ng grocery

**Lagda:** _____

**Pangalan:** _____ **Petsa:** _____

**Kung mayroon kang kondisyon na hindi nakalista o mayroong mga katanungan tungkol sa mga panganib at benepisyo ng pampalakas na dosis, makipag-usap sa iyong doktor. Para sa mas marami pang impormasyon, tingnan ang Talaan ng Katotohanan ng Pfizer para sa mga Tagatanggap at Tagapag-alaga at ang webpage ng CDC Mga Bakuna para sa COVID-19.**

*Kung wala kang akses sa isang tagalimbag (printer), maaari mong isulat-kamay ang pagpapatunay ng sarili.*